


Arts

Ikaapat na Markahan – Modyul 3: 3D o Three-Dimension Art



**Arts – Ikalimang Baitang
Alternative Delivery Mode
Ikaapat na Markahan – Modyul 3: 3D o Three-Dimension Art
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa aklat na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa aklat na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Maria Niza Cosares

Editors: Vergita M. Ibañez, Eden Lynne V. Lopez

Tagasuri: Shirley L. Godoy, Jo-Ann Cerna-Rapada, Jose Aldrin F. Avellana

Tagaguhit: Marie Joy Marabillon Lastra

Tagalapat: Eden Lynne V. Lopez, Joy B. Bihag

Tagapamahala:

Ma. Gemma M. Ledesma

Bebiano I. Sentillas

Rosemarie M. Guino

Joy B. Bihag

Ryan R. Tiu

Nova P. Jorge

Raul D. Agban

Lorelei B. Masia

Josemilo P. Ruiz

Shirley L. Godoy

Eva D. Divino

Jo-ann C. Rapada

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region VIII

Office Address: Government Center, Candahug, Palo, Leyte

Telefax: (053) 832-2997

E-mail Address: region8@deped.gov.ph

Arts

Ikaapat na Markahan – Modyul 3: 3D o Three-Dimension Art

Paunang Salita

Ang *Self-Learning Module* o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Ang modyul na ito na ginawa upang maging gabay ng mga mag-aaral sa pagtuklas at paglinang ng kaalaman patungkol sa larangan ng Sining. Ang pagkakasunod-sunod ng mga paksa sa modyul na ito ay batay sa ayos ng pamantayang kurso. Subalit, ang pagsasa-ayos ay binibigyang pahintulot upang mai-ayon sa aklat-aralin na gagamitin sa klase.

Pagkatapos aralin ang modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

- a. Maipaliwanag at matalakay ang mga posibleng gamit ng mga gawang 3D na likhang sining (*A5EL-IVc*)



Subukin


Panuto: Pumili ng isa sa tatlong likhang sining (Mobile Arts, Palayok, Paper Beads) at gawan ito ng isang gabay sa paggawa. Isulat ito sa iyong sagutang papel.

Aralin

1

3D o Three-Dimension Art

May mga mahahalagang bagay na dapat isaalang-alang sa paggawa ng mga 3D na likhang sining (crafts). Kinakailangan ng ibayong pag-iingat, tiyaga, at malawak at malikhaing kaisipan. Ating balikan ang mga paksa sa nakaraang aralin ng sagayon ay matulungan tayong palalimin ang ating kaalaman sa paksa ngayon.



Balikan

Panuto: Sagutin ang mga tanong at isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

1. Ano ang ibig sabihin ng salitang 3D? Magbigay ng mga halimbawa nito.

2. Ilawaran ang proseso ng paggawa ng paper mâché.

3. Maliban sa paggawa ng palayok, ano pang mga bagay ang maaring magawa gamit ang paper- mâché? Magbigay ng 3 hallimbawa.



Tuklasin

Ikaw ba ay pamilyar sa tinatawag na ‘Taka’ ng mga taga-Paete, Laguna. Basahin ang maiksing talata, at tuklasin kung ano nga ba ito.

Ang Taka ay isang uri papier mâché na hinulma muna sa inukit na iskulturang kahoy. Ito ay sikat sa bayan ng Peate, Laguna sa Pilipinas.

Ayon sa mga taga-Paete, ginawa ni Maria Piday ang unang kilalang “Taka” noong 1920s. Gamit ang mga pinunit na piraso ng papel, ito ay balot sa isang hulma na inukit mula sa kahoy at pininturahan ng iba’t ibang disenyon na na kalaunan ay naging mga laruan at palamuti. Sa kasamaang palad, natupok ng apoy ang bayan ni Maria Piday, at kasamang naging abo ang mga unang Taka na kanyang likha.

Si Maria Piday ay naatasang mamahala sa mga dekorasyon ng simbahan tuwing pasko. Dahil sa bigat ng mga iskulturang kahoy bilang palamuti sa simbahan, naisip ni Maria Piday na gumawa ng pamalit dito, at doon nagbuo ang unang taka.

Ang Paete as sikat sa mga iskulturang kahoy, ngunit dahil ang kagubatan ng Pilipinas ay mabilis na nauubos at nasisira, naisip ng mga mamamayan nito na ang paper-mache o Taka ay magandang pamalit sa kabuhayan ng mga Paeteño. Bilang isang resulta, ang papier-mâché ay naging katutubong sining ng mga Paeteño.

Ang paggawa ng taka ay sinimulan sa pagbuo ng mga takaan o hulmahang gawa sa kahoy. Ang takaan ay lalagyan pira-pirasong papel at

pandikit (paste o starch) tulay ng proseso ng paggawa ng paper-mache. Ito ay papatuyuin sa ilalim ng araw. Ang natuyong paper-mache ay hahatiin sa gitna at dahan-dahang aalisin sa takaan o hulmaan. Pagkatapos ay muli itong pagdidikitin, at pipinturahan ng makulay na disensyong naaayon sa panahon.

(Baldemor 2021)



Suriin

Ang taka ay gawa sa papel gamit ang nililok na iskulturang yari sa kahoy na ginagamit bilang panghulma nito. Ang *brown craft paper* ang ginagamit na panghuling patong sa taka upang ito ay mailuwas o ma-export. Dahil ito ay makapal at matibay, ito ay nasisilbing pundasyon at pampakinis sa obra.

Ang taka ay maari ring pintahan. Ang tradisyunal na pagpinta ng taka ay gumagamit ng mga pangunahing kulay, pagdaragag ng mga simpleng bulaklak at paggamit nga mga hugis at linyang inuulit. Kung tayo ay may sapat na kaalaman sa paggawa ng taka, maari tayong makalikha ng mga paper-mache jar na maaaring gamitin pampalamuti sa ating mga tahanan.

Sa iyong palagay, anu-ano pang mga bagay maaari nating gamitin ang mga natutunan nating paraan sa paggawa ng 3D na likhang sining (crafts)?



Pagyamanin

Gawain 1. Ano ang isang Biodegradable Seedling Pot?

Ang isang biodegradable pot ay paraan upang protektahan ang mga ugat ng isang patubong punla bago ito mailipat sa isang malawak na lupain. Dahil ang seedling pot na ito ay biodegradable, maaari itong itanim sa kasama ng punla na hindi pinipinsala ang lupa. **Tignan ang halimbawa sa kabilang pahina.**



Gamit ang iyong kaalaman sa paggawa ng palayok na gawa sa papel, gumawa ng halimbawa ng isang seedling pot. Sumulat ng isang gabay sa paggawa (instruction guide) batay sa iyong karanasan ng paggawa nito. Isulat ang gabay sa paggawa sa iyong sagutang papel. Gamiting batayan ang kahon sa ibaba.

GABAY SA PAGGAWA NG SEEDLING POT

Sinulat ni (iyong pangalan) _____

A. Mga Materyales (maaring dagdagan ang bilang kung kinakailangan):

- 1.
- 2.
- 3.
- 4.

B. Paraan ng paggawa (maaring dagdagan ang bilang kung kinakailangan):

- 1.
- 2.
- 3.
- 4.
- 5.

RUBRIK SA PAGGAWA NG GABAY SA PAGGAWA NG SEEDLING POT

Pamantayan	3	2	1	0
Paglista ng mga kinakailangang materyales sa gabay sa paggawa	Ang mga kinakailangan materyales ay kumpletong naibigay/ naisulat.	Ang mga kinakailangan materyales ay naibigay/ naisulat ngunit may 1-2 kulang.	Ang mga kinakailangan materyales ay naibigay/ naisulat ngunit may 3-4 kulang.	Hindi ka nagbigay ng mga kinakailangang materyales
Pagtatalakay ng proseso ng gabay sa paggawa, organisasyon, at pagsasalarawan	Ang bawat proseso ay malinaw at maayos na naisalarawan	Ang bawat proseso ay maayos na naisalarawan	Ang bawat proseso naisalarawan ngunit may ilang parte ang kailangang bigyang linaw	Hindi ka nagbigay ng proseso sa gabay sa paggawa

Gawain 2.

Panuto: Bilang isang mag-aaral, Ipaliwanag ang kahalagahan ng karunungan sa paggamit ng mga luma o di na kinakailangang bagay sa iba't ibang pamamaraan.



Isaisip

Noong una, akala ko na ang 3D na likhang singing (crafts) ay

Ngayon, napagtanto (*realized*) ko na ito pala ay _____



Isagawa

Panuto: Sumulat ng isang talata na nagpapakita ng paliwanag tungkol sa dalawang katanungang ito at isulat sa iyong sagutang papel.

1. Sa ano anong paraan possibleng gamitin ang mga kaalalaman sa paggawa ng 3D na likhang sining (crafts)?
2. Ano ang isang bagay na natutunan mo sa paggawa ng likhang sining na maari mong magamit sa iyong buhay? Ipaliwanag ang kahalagahan nito sa iyo.



Tayahin

Panuto: Batay sa iyong kaalaman sa paggawa ng 3D na likhang sining, bumuo ng isang 3D na likhang sining (craft) gamit ang mga luma o mga di na kinakailangang bagay na makikita sa inyong bahay o paligid. Ang likhang sining ay dapat na nagpapakita ng iba't ibang paraan ng pagbuo ng 3D na likhang sining na iyong natutunan sa mga nakaraang paksa. Pintahan ang gawa gamit ang primary at secondary na mga kulay. **Magpakita ng larawan ng iyong likha at idikit ito sa iyong sagutang papel.**

A large, empty rectangular box with a thin black border, intended for the student to draw their 3D artwork.

RUBRIK SA PAGGAWA NG 3D CRAFTS

Pamantayan	3	2	1	0
Paggamit ng Imahinsayon sa pagbuo ng ideya (Pagka Orihinal)	Ang ginawang 3D craft ay nagpakita ng husay ng pagbuo ng magandang ideya.	Ang ginawang 3D craft ay nagpakita ng husay ng pagbuo ng ideya.	Ang ginawang 3D craft ay nagpakita ng pagbuo ng ideya. Ngunit ito ay hindi praktikal.	Hindi ka nagbigay ng ideya
Presentasyon ng likhang 3D Craft	Ang ginawang 3D craft ay mahusay na binuo at ginawa. Ito'y nagpapakita ng tibay at pulidong paggawa.	Ang ginawang 3D craft ay maayos na binuo at ginawa.	Ang ginawang 3D craft ay maayos na binuo at ginawa. Ngunit may ilang parte ang hindi maayos na natapos.	Hindi ka nagbigay ng 3D craft
Kulay na gamit	Ang kulay na ginamit sa pagpinta sa gawang 3D craft ay kaaya-ayang tignan.	Ang kulay na ginamit sa pagpinta sa gawang 3D craft ay maayos.	Ang kulay na ginamit sa pagpinta sa gawang 3D craft ay hindi kaaya-aya. Ito ay madaliang pinintahan.	Hindi mo pinintahan/ kinulayan ang iyong gawa.



Karagdagang Gawain

Panuto: Magdisenyo ng isang 3-D Art na nais mong gawin sa hinaharap. Iguhit sa sagutang papel ang iyong ideya/disenyo.

A large, empty rectangular box with a thin black border, intended for the student to draw their 3-D art design.

Rubrik:

Karagdagang Gawain:

Mga Sukatan /Puntos	3	2	1
Pagka-orihinal at Pagiging malikahain sa paggawa ng sariling 3-D art craft.	Ang disenyo 3D craft ay orihinal at batay sa sariling ideya.	Ang disenyo ng 3D craft ay maganda, ngunit ito ay bahagyang batay sa ibang disenyo.	Ang disenyo ng 3D draft ay hango sa ibang disenyo
Paguhit at pagsasalarawan ng idea	Ang disenyo ay mahusay na iginuhit.	Ang disenyo ay iginuhit ngunit may ilang parte na maareng ayusin.	Ang disenyo ay hindi iginuhit ng maayos. Ito ay madaliang ginawa.



Susi sa Pagwawasto

SUBUKIN

- Ang sagot ay nakasalalay sa ipapakita ng mga mag-aaral

BALIKAN

1. Ang ibig sabihin ng salitang 3D ay three dimensional o pagkakaroon ng tatlong sukat na tinutukoy dito ay ang taas, lapad at lalim. Halimbawa nito ay pyramid, gusali, bola, kahon o anumang may 3 na sukat.
2. Ang proseso sa paggawa ng paper mache ay kailangan gumamit ng mga piraso ng pahayagan, kahit ito ay ng papel o tuwalya. Ang mga pirason ng ito ay hinahayaan munang mababad sa pandikit ng mache ng kaunti bago gamitin. Pagkatapos ay maaari nang gamitin ito upang takpan ang likhang siming sa 2-3 layer lamang at hayaang matuyo ng ganap. Ang panghuling layer ay ginagamitan naman ng isang payak na papel para mas madaling ma-pinturaan at ma-disenya. Sumakatuwid, kinakailangan natin mag-ing maingat, mahabang pasensya, tamang materyales, at mahabang oras sa paggawa nito.
3. Mahalaga ang karunungan sa paggamit ng mga luma o di na kinakailangang bagay sa iba't ibang pamamaraan dahil nakakatulong ito upang ang mga materyales na hindi na kinakailangan ay hindi masayang at mapakinabangan, at dikaya'y mabago at magamit muli sa pinaka-kapasidad at sa maganda o maaayos nitong kalidad.

Maaari tayong makalikha ng mga pasong magagamit sa pagtatanim, mga palamuti gamit ang kuwintas na yari sa papel, at iba't ibang disenyo at dekorasyon o 3D Diorama gamit ang mobile artwork.

PAGYAMANIN

a. Mga Materyales (maaring dagdagan ang bilang kung kinakailangan):

1. Lumang pahayagan
2. pandikit (flour)
3. gumting
4. lobo
5. karton
6. masking tape
7. paint brush

b. 1. Hipan ang isang hugis-perlas na lobo sa laki na gusto mo para sa iyong vase. I-secure ang isang karton sa tuktok ng lobo na may masking tape. Hawak ng singsing ang lobo sa lugar habang nagtatrabaho ka. 2. Markahan ang kabilang panig ng lobo na may isang bilog na nagpapahiwatig kung saan ang pagbubukas ng vase. Gumamit ng isang paintbrush upang maglapat ng ng natubigan na pandikit ng bapor sa ibabaw ng lobo at simulang magdagdag ng mga scrap ng pahayagan.
- 3. Takpan ang buong lobo ng mga layer ng pandikit at mga scrap ng pahayagan hanggang sa makaroon ka ng kapal na mga 3 hanggang 4 mm. Iwanan ito upang matuyo magdamag. Magdagdag ng dalawa pang coats o layer ng pandikit sa buong lobo, pagagan ang unang coat na matuyo bago maglagay ng pangalawang coat.
- 4. Kapag ang kola ay tuyo maaari mong i-pop ang lobo at dahang-dahang ilabas mula sa lobo ng paper mache vase.
- 5. Gumamit ng matalas na gumting upang gupitin ang isang maayos na gilid sa paligid ng tuktok ng vase ng mache ng papel. Kung nais mo ang isang maayos na tapusin, maglagay ng manipis na mga layer ng pandikit at pahayagan ober sa magaspang na gilid at patuyuin ito.
- 6. Gupitin ang isang pares ng mga lupon ng karton mula sa isang walang laman na kahon ng cereal. Idikit ang mga ito at pagkatapos ay idikit sa ilalim ng vase ng mache ng papel.
- 7. Mag-apply ng tatlong coats / layer ng pandikit sa base at hayaang matuyo ito.
- 8. Maglagay ng pintura o matit acrylic sa labas ng vase. Mag-apply ng tatlong coats ng pintura, hayaang matuyo ang bawat amerikana bago ilapat ang susunod na amerikana. Kulayan din ang loob ng vase ng acrylic na pintura.
- 9. Gumamit ng isang stencil upang ilapat ang isang disenyo sa pinituturahan matapos, o gumuhit ng isang disenyo.
- 10. Gumamit ng puff pintura o outlining na pintura upang ibalangkas ang iyong igituhit na disenyo. Magtrabaho sa maliit na seksyon upang payagan ang pagpapatayo upang makumpleto ang buong vase.
- 11. Mag-apply ng dalawa pang coats ng pandikit upang mai-seal at tapusin ang vase ng paper mache. at tapos na.

Gawain 2: Ang kahalagahan sa paggamit ng mga luma o di na kinakailangang bagay ay Una, mabawasan ang mga basura sa bahay, Ikalawa, mapagkitaan ng pera at pagkakaroon ng kaalaman sa paghiwalay sa mga bagay na maari pang gamitin.

ISAISIP

Ang 3D na likhang sining ay paggawa ng mga makabuluhang at praktikal na bagay gamit ang mga kamay. Napagtanto ko na ang 3D na likhang sining ay pagkakaroon ng tulong sukat tulad ng taas, lapad at lalim na ginagamitan ng mga lumanang gamit na pwede pang gamitin sa sining.

ISAGAWA

Ang kaalamang sa paggawa ng 3D na likhang sining ay possibleng gamitin bilang pagmulan ng pagkukunan sa pamamagitan ng paggawa at pagdesenyo ng ibat ibang sining at ang pagbenta nito. Ang isang bagay na natutunan ko na ang paggawa ng likhang sining ay maari itong gawing negosyo o hanapbuhay.

TAVAHIN

Sumangguni sa Rubrik

KARAGDAGANG GAWAIN

Sumangguni sa Rubrik

Sanggunian

Hazel P. Copiaco at Emilio S. Jacinto. *Halinang Umawit at Gumuhit 5 Textbook*. Vibal Group Incorporated. 2016. Gregorio Araneta Avenue, Quezon City, Philippines. pp. 65-66

Stacie. 2011. *Seedling in a toilet paper roll repurposed as a mini planting pot*. Flickr. Retrieved 10 April 2021, from <https://www.flickr.com/photos/45605988@N03/5713582601>.

Baldemor, Mailah. 2021. "Paete's Taka : Philippine Art, Culture And Antiquities". *Artesdelasfilipinas.Com*. Accessed May 2. <http://www.artesdelasfilipinas.com/archives/6/paete-s-taka>.

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph